Republic of the Philippines
Department of Education
Region XI
SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY
Digos City
Telefax No.: 082553896' 0825538376

**DIVISION ADVISORY Blg. 026 s. 2018**
**February 6, 2018**

**IKA-9 NA PAMBANSANG KONGRESO SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO PARA SA MAGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBAHO SA ANTAS ELEMENTARYA, SEKUNDARYA AT TERSIARYA**

Para sa mga: **Tagamasid Pampurok**
**Punong-guro ng mga Paaralang Pampubliko at Pribado sa Elementarya at Sekondarya**

1.) Alinsunod sa Liham Paanyaya mula sa Kapisanan ng mga Supervisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ang mga guro at superbisor sa Filipino ay hinihikayat na dumalo sa Ika-9 na Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino para sa Mga Paaralang Publiko at Pribaho sa Antas Elementarya, Sekundarya at Tersiarya sa 18 – 21 Abril 2018 sa DepED ECOTECH, Lahug, Lungsod Cebu. Ang mahahalagang detalye kaakibat sa naturang gawain ay napapaloob sa kalakip na liham mula sa kapisanan.

2.) Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

FOR AND IN THE ABSENCE OF:

**WINNIE E. BATOON, EdD**
Officer in Charge
Office of the Schools Division Superintendent

**MELANIE E. ESTACIO, PhD**
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

DepEd Schools Division of Digos
RELEASED 18-1006
Date 08 FEB 2018 Time 4:11 PM
By:

Encls: As stated
References: KASUGUFIL letter dated January 9, 2018
To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:
CURRICULUM, FILIPINO, SEMINAR

jmn: Filipino
06 February 2018

KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO
(KASUGUFIL)
202 Rosario Street, Mapulang Lupa, Valenzuela, Metro Manila
Telepono: 0928-754-8418 / 0977-499-1386
SEC. REG. NO. 201116264
TIN 008-125-231-000

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES 0017.00 PESOS 6C40CFD 510519 PB74153 15.01.2018 Manila Central P.O.Man

PAMUNUAN
2014-2018

GLORIA I. ALDAY
Pangulo

ANA MARIA S. CABUHAT
Kawaksi ng Pangulo

CELESTINO DALUMPINES IV
Pangalawang Pangulo

YOLANDA V. GILBUENA
Kalihim

SANDOR B. ABAD
Ingat-Yaman

FEDERICO L. REYNO
Katuwang ng Ingat-Yaman

MARCELLI G. MACOB
Tagasuri

LOURDES C. MANLAPUS
Tagapagbalita

VILMA P. DASMARINAS
Tagapamayapa

Kalupunan ng mga Direktor

SAADA J. TUBING
MA. JANE M. ROYONG

Tagapayo

ROBERTO T. AÑONUEVO

Pandangal na Tagapayo

VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo, KWF

09 Enero 2018

DepEd Schools Division of Digos
RECEIVED 18-P06
Date: FEB 02 2018 Time: 8:34 AM
By:

**GINOONG WINNIE E. BATOON, Ed.D.**
Tagapamanihala
**DepEd- DIGOS CITY**
Roxas St. Digos City, Davao Del Sur

Mahal na Dr. Batoon,

Mainit na pagbati!
**Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)**, isang samahang pangwika ay magsasagawa ng **Ikasiyam na Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino para sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya,Sekundarya at Tersiarya** sa **18-21 Abril 2018** sa DepEd ECOTECH,Sudlon,Lahug,Lungsod Cebu (**DepEd Advisory Blg. ,309 s.2017 at CHED Memorandum).**

Ang halaga ng rehistrasyon ay Apat na Libo at Limang Daang Piso (Php 4,500.00) na gugugulin para sa pagkain, tirahan, *venue, hand-out, t-shirt, training bag, honorarium* ng mga tagapanayam at iba pang gastusin sa pagsasakatuparan ng kongreso *at membership fee* na karagdagang dalawang daang piso (Php 200.00) para sa mga bagong kasapi.

Ang mga dadalo ay inaasahang darating sa DepEd ECOTECH,Sudlon,Lahug,Lungsod Cebu sa umaga ng Miyerkoles, 18 Abril 2018. Ang unang pagkain ay ihahain sa pananghalian ng nabanggit na araw. Samantala ang mga gawain ay magtatapos sa tanghali ng Sabado, 21 Abril 2018, at ang huling pagkaing ihahain ay pananghalian ng nasabing petsa.

Ang mga gurong kasapi ng KASUGUFIL na kinilala ng mga pampublikong ahensiya tulad ng KWF, NCCA at iba pa gayundin sa kani-kanilang rehiyon bilang natatanging guro sa Filipino para sa taong 2016 ay pahahalagahan at pagkakalooban ng samahan ng Pambansang Gawad ng KASUGUFIL sa gabi ng Gawad Parangal,20 Abril 2018.

Sa Kauna-unahang pagkakataon pipili ng **Ulirang Guro ng KASUGUFIL** para sa antas **Elementarya at Sekundarya**. Kalakip nito ang mga alituntunin sa paglahok.Hinihikayat ang mga dadalo sa Kongreso na magpadala ng isang kinatawan lamang mula sa kani-kanilang rehiyon para sa paligsahan ng Pinakamagandang Rehiyunal na Kasuotan at Pagbigkas ng Tula na itatampok sa gabi ng sosyalisasyon 18 Abril 2018. Ang kinatawan para sa Pagbigkas ng Tula ay malayang pumili ng isang pyesang kaniyang bibigkasin ngunit ang lahat ay bibigkas ng pyesang mapipili ng samahan na ibiibgay sa araw ng paligsahan.

Para sa maayos na daloy ng rehistrasyon maaring magpatala nang maaga ang mga dadalo at ang kabayaran ay ideposito sa bangko ng samahan sa **BPI North Edsa** Branch na may numero **na 004433-0748-53** at ang kopya ng *deposit slip* ay ipadadala sa *email address* na **anniescabuhat@gmail.com.**

Kaugnay nito, hinihiling po namin na sana ay makadalo kayo at makapaglabas ang inyong tanggapan ng **kalatas pandibisyon** para sa nasabing Kongreso upang maisakatuparan ang layunin nito ---- ang mapataas ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

Matapat na sumasainyo,

**GLORIA I. ALDAY**
Pangulo

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION

**KALATAS MULA SA TAGAPANGULO**

| | | |
|---|---|---|
| **PARA SA** | : | **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**<br>**LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD** |
| **PAKSA** | : | **PARTISIPASYON SA IKA-9 NA KONGRESO SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO PARA SA MGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA, SEKUNDARYA AT TERSIARYA NA MAY TEMANG, "ISANG PAGTANAW AT PATULOY NA PAGTANGKILIK SA MASIGASIG NA IMPLEMENTASYON NG PROGRAMANG K TO 12 SA IKA-21 NA SIGLO", NA INORGANISA NG KAPISANAN NG SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO (KASUGUFIL) AT GAGANAPIN SA 18-21 ABRIL 2018 SA DEPED ECOTECH, LUNGSOD CEBU** |
| **PETSA** | : | Nobyembre 27, 2017 |

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722 na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"* malugod na iniendoso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Kapisanan ng Superbisor at guro sa Filipino (KASUGUFIL) para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang aktibidad na ito ay bukas sa lahat ng interesadong guro, empleyado at estudyante mula sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103*.

Para sa karagdagang detalye, reserbasyon at/o iba pang katanungan patungkol sa aktibidad na ito maaari kayong makipag-ugnayan sa kanilang telepono sa bilang na (+63) 998-860-6104 o sa (+63) 977-499-1386.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.**

017-11247-070_KASUGUFIL Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino

# ULIRANG GURO NG KASUGUFIL 2018

## Pormularyo sa Paglahok

**1. Personal na Impormasyon**

Buong Pangalan

(G./Gng./Bb.) ______________________________________________

(Apelyedo) (Unang Pangalan) (Gitnang Pangalan)

Adres ______________________________________________

Araw ng Kapanganakan    Lugar ng Kapanganakan    Edad

Pangalan ng Asawa ( Kung Mayroon)    Bilang ng Anak (Kung Mayroon)    Kasarian

Contact Number    Email Address

Paaralan Pinagtuturuan :______________________________________________

Adress : ______________________________________________

Taon/Baitang :______________________________________________

**2. Sertipiko ng Pagsang-ayon**

Pinatutunayan nito na tutupad ako sa lahat ng kahingian ng gawad at may pahintulot ako sa pagpasa ng nominasyon. Pinatutunayan din nito na ako ay nasa hustong kalagayan upang sumailalim sa ebalwasyon ng gawad. Sa pamamagitan nito,tinatanggalan ko ng responsibilidad at pananagutan ang KASUGUFIL mula sa anomalya at lisya na maaaring magmula sa aking paglahok.

Pinagtitibay nito ang kawastuhan at katotohanan ng lahat ng impormasyong nakasaad sa pormularyong ito. Batid ko ang posibilidad ng diskalipikasyon kapag nakatuklas ng palsipikasyon sa mga isinumiteng papeles.

Nilagdaang ngayong ____________________ sa ______________________________

______________________________

Pangalan at Lagda ng Nominado

3. **Sertipiko ng Nominasyon**

Pinatutunayan nito na si (pangalan ng nominado) , (posisyon/ranggo) ay isang permanenteng guro ng paaralang ito.
Mayrooon siyang teaching load na (bilang ng yunit) para sa (akademikong taon/semester)

Pinatutunayan ko rin na si (pangalan ng nominado) ay opisyal na nominado ng paaralang ito Para sa Ulirang Guro ng KASUGUFIL 2018.

| ________________ | ______________________ | ______________________ |
| --- | --- | --- |
| Petsa | Pangalan at Lagda | Designasyon |